MGA LEGAL NA SERBISYO

Ang Hawai`i Immigrant Justice Center at the Legal Aid Society of Hawai'i ay nagbibigay ng legal na serbisyo, pakikipag-ugnayan sa komunidad, at edukasyong pang-komunidad para sa mga imigrante, kabilang ang mga kliyente ng:

Karahasang Pantahanan at Karahasang Sekswal: Tumutulong na tumakas sa mapang-abusong kalagayan at magsimula ng isang ligtas, malusog, at magbigay ng kapangyarihan sa buhay na may katayuan bilang imigrante.

Pangagalakal ng Tao (Human Trafficking): Tumutulong na makakuha ng legal na katayuan upang manatili sa Estados Unidos at nagsusumikap na ituloy ang koordinasyon sa iba't-ibang sanggunian upang mabigyan ng pagkain, pabahay, paggagamutan at pangkaisipan kalusugan.

Biktima ng Krimen: Tumutulong sa mga biktima ng mga malubhang krimen at nakikipag-ugnayan sa mga nagpapatupad ng batas (Aplikante ng "U" Visa) upang makakuha ng legal na katayuan ng imigrasyon, panhintulot na magtrabaho, at makakuha ng legal na katayuan bilang isang permanenteng residente.

Pagtatanggol at Proteksyon ng mga Bata: Tumutulong sa mga bata na biktima ng pang-aabuso, nilisan ng magulang, o napapabayaan (Special Immigrant Juveniles) upang makakuha ng legal na katayuan bilang isang permanenteng residente.

HAWAI'I IMMIGRANT JUSTICE CENTER

EQUALITY OPPORTUNITY

Ipakita ito kapag ikaw ay pupunta upang humingi ng serbisyo:

----- Putulin Dito -----

I speak limited English. I need competent language assistance in

TAGALOG

(***write in language***)

to have full and effective access to your programs and publicly funded agencies.

Ang proyektong ito ay suportado ng Grant **No. 2010-WL-AX-0048**, at iginawad sa pamamagitan ng Office of Violence Against Women, U.S. Department of Justice. Ang mga opinyon, kinalabasan, konklusyon, at rekomendasyon na ipinahayag sa publikasyon na ito ay galling sa may-akda at hindi kinakailangang sumalamin ang mga tanawin ng Department of Justice, Office on Violence Against Women.

LSC

United Way Aloha United Way

LEGAL AID SOCIETY OF HAWAI'I

The Hawai'i Immigrant Justice Center
at the Legal Aid Society of Hawai'i

Serbisyo ng Pangwikang Daan para sa mga Tagapagsalita ng Limitadong Ingles: Nakaligtas sa Karahasang Pangtahanan, Karahasang Sekswal, Lihim na Pagsubaybay, at Karahasang Pakikipagtipanan

Kung Kailangan ng Karagdagang Impormasyon:
Tumawag po sa
(808) 536-8826 o
(808) 536-4302
(Pangkalahatang Linya)
Kapit-Pulo:
(800) 499-4302
WEBSITE: www.legalaidhawaii.org

TAGALOG

Nagsasalita ka ba ng ibang wika na hindi Ingles?

Ikaw ba ay may mababa o limitadong pang-uunawa ng wikang Ingles?

Ang iyong kasanayan sa pagbasa, pagsulat, at pagsasalita ng wikang Ingles ay mababa o limitado?

Kailangan mo ba ng tagasalin sa wikang Ingles?

Kailangan mo ba ng serbisyo para sa limitadong karununganan sa wikang Ingles?

Kung ang iyong sagot ay “OO” alinman sa mga tanong na ito, maaari kayong makatanggap ng serbisyong pangwika na **walang bayad.**

Bilang isang tao na nakaligtas at mayroong limitasyon sa wikang Ingles, mayroon kang karapatan na makatanggap ng serbisyong pangwika na walang bayad galling sa:

1) Mga Pulis
2) Mga Tagausig
3) Mga Hospital
4) Tagapagtangkilik/Tagapagtaguyod na Lugar ng Karahasang Pantahanan
5) Serbisyo para sa Karahasang Sekswal
6) Mga Organisasyong Nagbibigay ng Serbisyong Legal
7) Mga Hukuman
8) Mga Sanggunian ng Estado kabilang ang Department of Human Services (para sa Tulong Pangpubliko) at Department of Health (para sa Serbisyong Pangkalusugan ng Publiko)

PANGWIKANG DAAN:
Alamin Mo ang Iyong Karapatan Bilang Tagapagsalita ng LEP.

May karapatan kang mabigyan ng impormasyon o lumahok at makinabang mula sa mga serbisyo, programa, at mga gawain na inaalok ng Federal o Estadong sanggunian ng pamahalaan, at mga organisasyon na tumanggap ng pera mula sa Federal o pamahalaan ng Estado, kahit na kayo ay hindi masyadong nakakapagsalita, nakakabasa, nakakasulat o nakakaunawa ng wikang Ingles.

Ayon sa batas ng pangwikang daan, kapag may nangangailan ng serbisyo, programa at mga gawain, kailangang tumulong ang pamahalaan at mga organisasyon na pinopondohan ng pamahalaan upang tumulong sa iyo sa pamamagitan ng pagbibigay ng libreng serbisyo ng pangwikang daan, tulad ng interpretasyon, at sa ilang sitwasyon, ang tagasalin ng wika.

Kung kailangan mo ng serbisyo mula sa Federal o Estadong pamahalaan, o mga organisasyon na pinopondohan ng pamahalaan at ikaw ay tagapagsalita ng LEP, maaari kayong:

- **Humiling at tumanggap ng serbisyo ng tagasalin sa iyong wika na walang kabayaran.** Ang mga sangguniang pamahalaan at mga organisasyon na pinopondohan ng pamahalaan ay magbibigay ng isang bihasang tagasalin ng wika upang tulungan at samahan kayo o magbigay ng isang propesyonal na tagasalin ng wika upang tulungan kayo sa pamamagitan ng telepono, kung ito ay makatwiran.
- **Humiling at tumanggap ng mahahalagang dokumento na isinalin sa iyong wika na walang kabayaran.** Ang mga sangguniang pamahalaan at mga organisasyon na pinopondohan ng pamahalaan ay maaaring magbigay ng iba't-ibang isinalin na dokumento, tulad ng aplikasyon, mga paunawa, dokumento upang magreklamo, at mga materyales ng pakikipag-ugnayan at edukasyong pang-komunidad. Makukuha sa mga wikang hindi Ingles, kasama ang mga wikang sinasalita ng mga populasyon sa kalakhan ng kanilang pinaglilingkuran, kung ito ay makatwiran.